
Tipon At Salin Ng Mga Katutubong Akdang Ibaloy: Ambag Sa Pagtuturo Ng Panitikang Panrehiyon

DOMINGA S. TOMAS

d.tomas@bsu.edu.ph

FAUSTINA T. DIO-AS

MARIDON S. ERICO

Benguet State University

Abstract — Mayaman ang Pilipinas sa mga akdang pampanitikan na binubuo ng iba't ibang anyo ng mga ito gaya na lamang ng mga alamat, kuwentong bayan, epiko, tula, at marami pang iba. Ayon kay Ramos (1984) sa pagbanggit ni Catipay (2019), ang panitikang Filipino ay may pambihirang kabuuan. Ito'y nagsisimula sa mga pasalitang tradisyon-tulad ng mga kuwentong bayan at alamat.

Maliban sa pagtitipon at pagsusuri, mahalaga rin ang pagsasalin sa preserbasyon at pagpapayabong ng kultura, tradisyon at lalong-lalo na ng panitikan ng isang bansa. Ang pagsasalin ay isa sa mga isinulong na pamamaraan at hakbang ng Komisyon sa Wikang Filipino upang mapayabong ang kasalukuyang leksiyon ng wikang Filipino. Nagsisilbi rin itong isang malaking pundasyon para sa intelektuwalisasyon ng pambansang wika. Ayon kay Almario (2015), dapat mapansin ang mahigit na ugnayan ng pagsasalin at pagpapaunlad ng Wikang Pambansa upang makamit ang antas ng kultibasyon (modernisasyon o intelektuwalisasyon) na inaasam-asam at upang makamit ang titulo ng wika ng karunungan.

Ang pag-aaral na ito ay may layuning matukoy ang mga akdang akmang maisalin sa Filipino na magagamit sa pagtuturo ng Panitikang Panrehiyon; matukoy ang antas ng ebalwasyon ng mga eksperto sa mga naisaling akda; at matukoy ang antas ng pagtanggap ng mga guro sa mga saling akda.

Ginamit ang pamaraang kuwalitatibo at kuwantitatibo. Ginamit ang pagsusuring nilalaman para masuri at maisalin ang mga napiling katutubong akda sa wikang Filipino. Ginamit din ang kuwantitatibong pamaraan para mailarawan ang antas ng balidasyon at pagtanggap ng mga eksperto sa naisagawang pagsasalin. Ang mga pamantayan sa pagpili ng akda ay dapat nasusulat sa wikang Ibaloy, naglalaman ng kultura ng mga taong pinagmulan nito at wala pang nailathalang salin sa Filipino. Ginamit din ang apat na pustusang eskala sa pagtukoy sa antas ng balidasyon at antas ng pagtanggap sa mga naisagawang pagsasalin. Ang mga valideytor ay mga mga guro sa Filipino na marunong sa wikang Ibaloy na nagtuturo ng asignaturang Panitikang Panrehiyon.

Sa isinagawang pagsusuri, may tatlong akdang napili: Si Dabonay tan sota pito'n Bosol, Nangkaatiw Jen Ibadoy, at Sota Ebadbadeg Tan Etoling Jen Aso Shi Ambakdet. Sa isinagawang ebalwasyon, lumabas na ang mga salin sa Filipino ay may nakataas na antas ng balidasyon sa nilalaman, paggamit ng salita, kahulugan at estilo. Sa antas ng pagtanggap, lumabas din na lubos na tinatanggap ang mga naisawang pagsasalin.

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, marami pang mga katutubong akda na maaaring maisalin sa Filipino at magamit na lunsaran sa pagtuturo. Ang isinagawang pagsasalin ay nakasunod sa pamantayan sa pagsasalin at taglay ng mga ito ang mga katangian ng isang mabuting salin kaya ito ay lubos na tinatanggap ng mga guro. Iminumungkahi kung ganoon na magsagawa pa ng pagsasalin sa mga iba-ibang katutubong akda sa Filipino para mapalaganap ang natatnaging kultura ng bawat isa at gamitin ang mga naisaling akda sa pagtuturo ng Panitikang Panrehiyon.

I. INTRODUKSIYON

Ayon kay Du (2014), ang panitikan ay isang bukas na talaarawan ng mga mamamayan. Sa talaarawang ito, mababasa ang panahon ng kasaysayan ng kultura ng isang pangkat. Makikita at makikilala mula rito ang tradisyon, kaugalian, paraan ng pamumuhay, paniniwala at lahat ng tungkol sa isang grupo ng mga mamamayan. Sa panitikan, nailalarawan din ng tao ang mga bagay na maaaring nangyari na, nangyayari at mangyayari pa lamang. Ibig sabihin, nakaangkla na talaga ang karanasan, naggagad, at naisadokumento na halos ang pang-araw-araw na pamumuhay ng tao

dahil sa panitikan. Sa puntong ito, masasabi rin na ang panitikan ay kasaysayan na rin, sa kadahilanang, nakaangkla ang bawat nilalaman at galamay nito sa buhay ng mga buhay.

Mayaman ang Pilipinas sa mga akdang pampanitikan na binubuo ng iba't ibang anyo ng mga ito gaya na lamang ng mga alamat, kuwentong bayan, epiko, tula, at marami pang iba. Ayon kay Ramos (1984) sa pagbanggit ni Catipay (2019), ang panitikang Filipino ay may pambihirang kabuuan. Ito'y nagsisimula sa mga pasalitang tradisyon-tulad ng mga kuwentong bayan at alamat.

Ang mga kuwentong bayan sa isa sa mga mahahalagang mukha ng panitikan sapagkat ito ang bumubuo ng identidad ng isang lipunan. Ang mga panitikang ito ay koleksiyon ng mga kuwentong nag-uugnay sa mga tao, lugar, hayop at mga bagay na nasa loob mismo sa konteksto ng Pilipinas. Sinisiyat nito ang mga local na ugali at paniniwala, kung hindi pamahiin na inilipat sa isang henerasyon sa iba pang henerasyon nang pasalita upang gawing libangan. Ang mga ito ay ekspresyon ng kultura ng purong Pilipino galing sa mayamang nakaraan hanggang sa pag-usbong nito sa kasalukuyan hanggang sa hinaharap, kasaganaan, pagkakaisa at kooperasyon.

Ayon kay Lumbera (2008), sa pagbanggit ni Santos (2008), maraming mga salik ang nakakaapekto sa pagsulong ng literaturang Filipino. Kabilang rito ang outlet, edukasyon, ekonomiya at pulitika. Isang malaking problema ng panitikang Filipino ang outlet para sa mga akdang nasa wikang Filipino. Noon, mayroong mga magasing popular na naglalathala ng mga kuwento, tula at sanyasay sa Filipino. Ngayon, napakalimitado na ng mga ito.

Maliban sa pagtitipon at pagsusuri, mahalaga rin ang pagsasalin sa preserbasyon at pagpapayabong ng kultura, tradisyon at lalong-lalo na ng panitikan ng isang bansa. Ang pagsasalin ay isa sa mga isinulong na pamamaraan at hakbang ng Komisyon sa Wikang Filipino upang mapayabong ang kasalukuyang leksiyon ng wikang Filipino. Nagsisilbi rin itong isang malaking pundasyon para sa intelektuwalisasyon ng pambansang wika. Ayon kay Almario (2015), dapat mapansin ang mahigit na ugnayan ng pagsasalin at pagpapaunlad ng Wikang Pambansa upang makamit ang antas ng kultibasyon (modernisasyon o intelektuwalisasyon) na inaasam-asam at upang makamit ang titulo ng wika ng karunungan.

Bilang pangunahing hakbang sa layunin at hangaring ito, dapat ang mga Pilipino ay nagsisimula nang magsalin ng mga bagay-bagay na maaaring makatulong sa wikang Pambansa.

Sa kabilang banda, ang ganitong pamamaraan ay hindi basta-basta. Napakaraming kailangan na isaalang-alang sa paggawa ng pagsasalin ng mga tekstong naglalalaman o nagkukuwento ng mga pangyayaring makasaysayan, nangangailangan na gumawa ng pangkasaysayang saliksik tungkol sa nasabing paksa upang makuha at maunawaan ang konteksto nito (Venturi, 2013).

Ayon kay Catford (1965), ang pagsasalin ay paglilipat ng isang teksto sa pinakamalapit na diwa mula sa simulaang lengguwahe (SL) papunta sa tunguhang lengguwahe (TL). Kaugnay nito, may dalawang mungkahing inihain si Almario (2007), ang pagsasalin at paglikom ng mga salitang may natatanging kahulugan mula sa wikang pinagmulan. Ang pagsasalin ay isang masalimot na gawain. Mahigpit na kahingian, kung gayon, sa sinumang naghahangad na maging tagapagsaling pampanitikan ang maging tagapagsaling pampanitikan ang maging mahusay na mambabasa ng panitikan. Higit sa pagkakaroon ng mataas na kakayahan sa simulaang lengguwahe (SL) at sa tunguhang lengguwahe (TL), taglay dapat ng sinumang magiging tagapagsaling pampanitikan ang hindi lamang pamilyaridad kundi mataas na kasaysayan sa pagpapahalaga sa teksto. Sa pangkalahatan, alinsunod sa naisadiskursong obserbasyon ni Dr. Rosario Cruz Lucero hinggil dito, ang sinumang susuulong sa pagsasaling pampanitikan ay dapat na may masaklaw na kamulatan sa kasaysayang pampanitikan, may kritikal na kakayahang magsuri ng akda at may mahusay na kasaysayan sa pagsulat na malikhain (Lucero, 1996).

Nagkaroon ng mga pagtatangkang pagsasalin sa mga kagamitang pampagtuturo at mga kagamitang leksikal. Makikita ang isang pagsipat sa nasabing layunin mula sa disertasyon ni Bernardo (2006) na pinamagatang Depelopment at Ebalwasyon ng isang Glosaryong Ingles-Filipino sa edukasyong panrelihiyon at dito natuklasan niya ang sumusunod: ang paghingi ng opinyon ng mga guro sa edukasyong panrelihiyon ay mahalagang bahagi sa pagpili ng mga salita para sa glosaryo: ang pagsasalin ay isang napakahalaga at hindi maiiwasang bahagi sa pagbuo ng isang glosaryong bilinggwal: ang paglalagay ng etimolohiya ay nakatutulong sa pag-unawa ng kahulugan ng leksim: hindi maiiwasan ang panghihiram nang buo at transliterasyon mula sa wikang banyaga: may mga salitang Filipino ang makaugnay pa rin sa pananampalatayang Espanyol: malaki ang maitutulong sa pag-unawa sa leksim kung isasama sa kahulugan ang iba pang mga karagdagang paliwanag at halimbawa: at sa paglalapat ng kahulugan, lalo't higit sa mga salitang kaugnay ng pananampalatayang Katoliko, mahalagang bigyan ng higit na prayoridad ang kahulugang nakaayon sa opsiyal na turo ng simbahan.


Nakita rin sa pag-aaral ni Jamilosa-Silapan (1993) sa mga piling salin ng mga kuwentong Iloko ang ilang konsepto at pamamaraan ni Newmark (1988) na kaniyang maging gabay sa pagsusuri ng mga ito: (1) transposisyon o ang pagpapalit ng posisyon ng simuno at panaguri o ang pagpapalit ng lugar ng mga salita; (2) naturalisasyon o ang adapsyon ng salita mula sa SL na sinusunod ang pagbayabay ng TL; (3) pagdaragdag o ang paglalagay ng ilang salitang wala sa orihinal upang bigyang-diin ang isang konsepto; (4) pagkakaltas o ang pagtatanggal o pagbabawas ng salita sa pangungusap; (5) functional na pagtutumbas o ang pagbibigay ng higit na gamitin at tinatanggap na kahulugan; (6) modulasyon o ang paglulumanay sa tindi o bigat ng kahulugan ng salita; (7) adapsyon o ang paglilipat ng mga kultural na salita mula sa SL tungong TL nang hindi binabago ang baybay; (8) kumpensasyon o ang pagtutumbas ng mga nawawalang bahagi ng salin; (9) pagpapahusay o ang pagsasaayos ng mga pagkakamali ng gramatika sa SL o sa pagkalimbag; at ang (10) kuplet o ang paggamit ng dalawang pamamaraang pagsasalin.

Sa punto ng mga pag-aaral tungkol sa pagsasalin, mahihinuha na napakahalaga nito, lalong-lalo na sa pang-araw-araw na pamumuhay ng bawat tao. Ginagamit ang pagsasalin upang matunghayan ang labis na pagkakaunawaan ng bawat tao sa isang nagkakaisang lipunan.

Nagsagawa rin si San Juan (2012) ng isang proyekto na naglalayong bumuo ng mga glosaryong termino sa panitikan bilang isang kagamitang panturo sa Filipino. Dito nakita niya na mayaman sa mga eksaktong salitang panumbas ang wikang Filipino sa larangan ng panitikan. Ang mga umiiral na salitang Filipino ay magagamit na panumbas sa mga terminong Ingles nang di nagbabago ang kahulugan at nang walang nawawala sa linaw at kabuuan ng salitang tinutumbasan. Malaki ang pangangailangan sa isang glosaryong magtatala ng mga salitang panumbas at mga depinisyon ng mga terminong pampanitikan sa wikang Filipino sapagkat wala pang glosaryo ang nagbigay-tuon sa panitikan, maliban sa isang glosaryong Ingles sa Unibersidad ng Pilipinas na inihanda mahigit 15 taon na ang nakaraan. Ang pagbuo ng glosaryong natukoy ay isang panimulang hakbang na makatutulong sa pangkalahatang pagsisikhay ng mga mananaliksik tungo sa intelektwalisasyon, elaborasyon at nasyonalisasyon ng wikang pambansa. Dagdag pa niya na sumisibol pa lamang ang leksikograpiyang Filipino at karamihan sa mga pananaliksik sa larangang ito ay nakatuon pa sa mga asignaturang humanidades, agham panlipunan at komunikasyon, bagamat gaya ng nabanggit na ay halos wala pang nagtatangka ang mga naunang mananaliksik na bumuo ng glosaryong nakatuon lamang sa panitikan.

Sa Figyur 1 ay makikita ang daloy ng pag-aaral. Ang magiging input ng pag-aaral ay ang mga piling katutubong akda ng Ibaloy at Kankana-ey. Ang mga akdang ito ang susuriin at isasalin sa Filipino. Sa proseso, una ay isasalin ang mga akda sa Filipino alinsunod sa mga tuntunin sa pagsasalin. Pagkatapos ay ipapaebalweyt sa mga guro at mga iba pang eksperto sa pagsasalin para matukoy ang kawastuhan at kaangkupan ng salin. Ang inaasahang awtput ng pag-aaral ay kalipunan ng mga katutubong akda sa Ibaloy at Kankanaey na naisalin sa Filipino.

**FIGYUR 1
PARADIM NG PAG-AARAL**



II. PAMAMARAAN

Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong metodo ng pananaliksik at ang pagsusuring pangnilalaman dahil ito ay nakapokus sa pagsasalin. Kailangang masuring mabuti ang nilalaman ng mga akda para maisalin ang mga ito nang mahusay.

Populasyon ay Lokasyon ng Pag-aaral

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa mga piling pampublikong paaralan sa Benguet. Pinili ang mga paaralang ang unang wika ng mga mag-aaral at guro ay Kankana-ey at Ibaloy dahil ang mga akdang isasalin ay nakasulat sa Ibaloy at Kankana-ey. Ang mga mapipiling akda ay ipapaebalweyt sa mga gurong nagtuturo ng Panitikang Panrehiyon sa antas sekondarya. Ang mga mag-eebalweyt sa salin ay mga eksperto sa wika na may sapat na kaalaman sa pagsasalin at sa wikang Ibaloy o kankanaey at Filipino. Ang mga nagging respondent sa antas ng pagtanggap ay ang mga gurong nagtuturo ng Panitikang Panrehiyon.

Mga Instrumento sa Paglikom ng Datos

Ang pangunahing instrumento na gagamitin sa pag-aaral na ito ay ang mga katutubong akda na nakasulat sa wikang Ibaloy at Kankana-ey. Ang mga akdang ito ay maaaring nailathala na ngunit hindi pa naisalin sa Filipino. Kailangan ding ang nilalaman ay nagpapakita ng mga katutubong kultura at paniniwala ng mga Ibaloy at Kankana-ey.

Ang pangalawang instrumento ay ang mga talatanungan para matukoy ang antas ng ebalwasyon ng mga eksperto sa pagsasalin at ang antas ng pagtanggap ng mga guro sa mga salin.

Paraan ng Paglikom ng Datos

Para makakuha ng mga kinakailangang datos, ang mga mananaliksik ay naghanap ng mga katutubong akda na nakasulat sa wikang Ibaloy na nailathala na at sumasalamain sa kultura ng mga Ibaloy at Kankana-ey. Ipinasuri ang mga ito sa mga gurong nagtuturo ng panitikang panrehiyon upang matukoy ang mga akdang angkop gamitin sa pagtuturo ng Panitikang Panrehiyon. Pagkatapos ay sinuri at isinalin ang mga ito. Ginamit dito ang mga gabay sa pagsasalin ni Newmark.

Pagkatapos maisalin ang mga piling akda ay ipinavalideyt sa mga gurong bihasa sa pagsasalin. Lahat ng mga ibinigay na mungkahi ay isinalang-alang. Nagkaroon ng back translation

upang maging batayan sa antas ng pagtanggap sa salin. Ang back translation ay pagsasalin ng naisaling akda (target language) sa simulaang wika.

Pagtrato ng mga Datos

Pagkatapos maisalin ang mga akda, ito ay ipinavalideyt sa mga eksperto gamit ang apat na puntusang eskala.

- 1 – Hindi balido - napakalayo ng mensahe o nilalaman ng salin sa orihinal na akda
- 2 – Medyo balido - medyo naiba ang mensahe ng salin sa orihinal na akda
- 3 – Balido - nanatili ang mensahe ng orihinal sa salin ngunit may mga salitang kailangang linawin o palitan
- 4 – Napakabalido - nanatili ang diwa ng orihinal na akda sa salin at akma ang mga salitang ginamit sa pagsasalin

Para naman sa antas ng pagtanggap, ginamit din ang apat na puntusang eskala:

- 1 – Hindi tinatanggap - hindi sinasang-ayunan ang paraan ng pagsasalin
- 2 – Medyo tinatanggap - bahagyang sinasang-ayunan ang paraan ng pagsasalin
- 3 – Tinatanggap - sinasang-ayunan ang paraan ng pagsasalin
- 4 – Talagang tinatanggap - lubos na sumasang-ayon sa paraan ng pagsasalin

III. RESULTS AND DISCUSSION

Mga Akdang Akmang Maisalin sa Filipino na Magagamit sa Pagtuturo ng Panitikang Panrehiyon

Si Dabonay tan sota pito'n Bosol

Ang kwentong Dabonay at ang Pitong Bosol ay isang salaysay na may malalim na kaugnay sa kultura ng mga Ibaloy. Ipinapakita nito ang paniniwala ng mga Ibaloy sa bosol, mga hindi nakikitang nilalang o headhunters at kung paano sila nakikisalamuha sa mga tao. Ang kwentong ito ay hindi lamang isang alamat tungkol sa mga bosol kundi isang pagsasalamin din ng kultura ng Ibaloy ang kanilang paniniwala sa mga espiritu. Ang kanilang kaugalian ng pagiging magiliw sa bisita at ang kanilang pagpapahalaga sa kalikasan. Ipinapakita rin ang ng kwento kung paano maaring gamitin ang diskarte at kabaitan upang mapanatili ang kapayapan kahit sa harap ng posibleng panganib.

Nangkaatiw Jen Ibadoy

Ang kwentong nawawalang ibaloy ay isang alamat na nagpapaliwanag sa pagkawala ng isang pangkat ng mga Ibaloy mula sa Imbosi at ang kanilang palipat sa isang bagong lugar, na ngayon ay tinatawag na pangasinan. Ito ay may malalim na kaugnayan sa kultura, paniniwala at kasaysayn ng mga Ibaloy. Ang nawawalang ibaloy ay hindi lamang isang kwento ng trahedya kundi isang mahalagang alamat na nagpapakita ng pananampalataya, ugnayan ng tao at kalikasan, at ang kahalagahan ng pagkakaisa sa iang komunidad.

Sota Ebadbadeg Jan Etoling Jen Aso Shi Ambakdet

Ang kwentong Malaki at Maitim na Aso sa Ambakdet ay isang babala laban sa kasakiman at kwan ng respeto sa kalikasan. Ipinapakita nito ang mahalagang paniniwala ng mga Ibaloy

tungkol sa pagkakaroon ng espirituwal na ugnayan sa kalikasan at kahalagahan ng pagtupad sa pangako.

Antas ng Ebalwasyon ng mga Eksperto sa mga Naisaling Akda

Isa sa mga layunin ng pag-aaral na ito ay maisalin ang mga piling akda sa wikang Ibaloy sa wikang Filipino. Bumuo ang mga mananaliksik ng isang instrument para sa pagbabalideyt ng isinagawang pagsasalin. Ang kinalabasan ay matutunghayan sa Talahanayan 1. Binigyang-pansin dito ang nilalaman, paggamit ng salita, diwa at kahulugan, at ang estilo.

TALAHANAYAN 1
ANTAS NG EBALWASYON NG MGA EKSPERTO SA MGA NAISALING AKDA

PAMANTAYAN	Si Dabonay tan sota pito'n Bosol		Nangkaatiw Jen Ibadoy		Sota Ebadbadeg Jan Etoling Jen Aso Shi Ambakdet	
					MEAN	DES
	MEAN	DES	MEAN	DES		

Nilalaman

Ang nilalaman ng kuwentong isinalin isinalin sa wikang Filipino ay tumutugma sa orihinal na bersiyon nito.	3.33	NPK	3.67	NPK	3.67	NPK
Ang nilalaman ng mga kuwentong isinalin sa wikang Ibaloy ay kapaki-pakinabang sa mga gagamit nito.	3.67	NPK	3.33	NPK	3.67	NPK
Ang salin ng mga akda ay nagtataglay ng mga dinamiko at pag-aangkop sa mga sitwasyong pangkomunikasyon.	3.67	NPK	4.00	NPK	4	NPK
<i>Kabuoan</i>	3.56	NPK	3.67 3.67	NPK	3.78	NPK NPK

PAMANTAYAN	Si Dabonay tan sota pito'n Bosol		Nangkaatiw Jen Ibadoy		Sota Ebadbadeg Jan Etoling Jen Aso Shi Ambakdet	
	MEAN	DES	MEAN	DES	MEAN	DES
<i>Paggamit ng Salita</i>						
Ang mga salitang ginamit sa bawat katagang binigyang tumbas ay angkop.	3.33	NPK	3.67	NPK	3.33	NPK
Ang mga terminolohiyang ginamit sa mga kuwento ay tinumbasan ng wastong mga salita.	3.33	NPK	2.67	M	2.67	M
Ang ginamit na mga salita ay madaling maunawaan ng mga target na awdyens.	4	NPK	3.67	NPK	3.67	NPK
Ang salin ng mga kwento ay nagtataglay ng kabisaan ng pagkabubuo ng mga pangungusap.	3.33	NPK	3.33		3.67	NPK
<i>Kabuoan</i>	3.50	NPK	3.34 3.39		3.34	NPK NPK
<i>Kahulugan/ Mensahe</i>						
Ang katumbas na impormasyon, kahulugan at diwa ng mga naisaling akda sa orihinal ay napanatili at tinataglay ng akdang naisalin sa wikang Ibaloy.	3.67	NPK	3.67		3.33	NPK
Naisalang-alang ang kawastuhang pansementika o kahulugan ng bawat salita.	3.00	NPK	3.33		3	NPK
<i>Kabuoan</i>	3.34	NPK	3.50 3.34		3.17	NPK NPK

Estilo					
Ang estilong ginamit sa isinaling mga akda ay naangkop sa panuntunan ng pagsasaling-wika.	3.33	NPK	3.67	3.33	NPK
Napanatili ang estilo ng awtor sa orihinal na teksto.	3.33	NPK	3.67	3.33	NPK
Kabuoan	3.33	NPK	3.67	3.33	NPK
			3.44		NPK
Iskala: Deskriptibong Interpretasyon					
3.25 - 4.00	Napakataas- Ang salin ay kaparehong kapareho ng orihinal na teksto. (NPK)				
2.50 - 3.24	Mataas- Malapit ang diwa ng salin sa orihinal na teksto. (MTS)				
1.75 - 2.49	Medyo mababa- Medyo malayo sa diwa ng salin sa orihinal na teksto. (MMB)				
1.00 - 1.74	Mababa- Napakalayo ng diwa ng salin sa diwa ng orihinal. (NKB)				

Nilalaman

Ang nilalaman ay tumutukoy sa pagpapanatili sa diwa ng orihinal sa wikang pagsasalinan nito. Ang bahaging ito ay unang binigyang pansin ang mga sumusunod na nilalaman; ang nilalaman ng kwentong isinalin sa wikang Filipino ay tumutugma sa orihinal na bersiyon nito; ang nilalaman ng mga kuwentong isinalin sa wikang Filipino ay kapaki-pakinabang sa mga gagamit nito; ang salin ng mga akda ay nagtataglay ng mga dinamiko at pag-aangkop sa mga sitwasyong pangkomunikasyon. Ito ang mga naging batayan sa pagtataya ng nilalaman ng mga awiting naisalin.

Batay sa kinalabasan ng pagsasalin ay lumabas na natugunan ng mananaliksik ang salin ay angkop. Ito ay batay sa lumabas na kabuuang mean na 3.67. Ito ay nangangahulugang ang pagsasaling isinagawa ay tumutugma sa orihinal na bersiyon nito at ito ay madaling maunawaan ng mga target na babasa.

Sa pag-aaral din ni Hernando (2006), natuklasan niya ang komunikatibong pagsasalin na nagtatangkang maisalin ang eksaktong kontekstuwal na kahulugan sa orihinal na wikang katanggap-tanggap at madaling maunawaan ng mambabasa. Karamihan sa mga tekstong panlarangan ayon kay Newmark (1991), ay isinasalin at nangangailangan ng komunikatibong metodo. Masasabing mahusay ang isang salin, ayon kina Batnag at Petras (2009), kung nauunawaan ito ng target na gagamit at paggagamitan nito.

Paggamit ng salita

Ang pamantayang ito ay tumutukoy sa paggamit ng mga salita sa pagsasalin na madaling maintindihan ng mga mambabasa. Matutunghayan ang mga naging batayan sa pagtataya ang paggamit ng salita sa pagsasalin ng kwento ang mga sumusunod: ang mga terminolohiyang ginamit sa mga kwento ay tinumbasan ng wastong mga salita; ang ginamit na mga salita ay madaling maunawaan ng mga target na awdyens; ; at ang salin ng mga awitin ay nagtataglay ng kabisaan ng pagkabubuo ng mga pangungusap.

Sa isinagawang pagsasalin, ang mga tatlong kwentong isinalin ay nakapagtagmo ng napakataas na antas ng balidasyon: Si Dabonay tan sota pito'n Bosol (3.50), Nangkaatiw Jen Ibadoy (3.34), at Sota Ebadbadeg Jan Etoling Jen Aso Shi Ambakdet (3.34). Ang kabuuang mean 3.39 ay nasa antas na napakataas. Ito ay nangangahulugang natugunan ng ng isinagawang salin ang katumbas na impormasyon, kahulugan at diwa ng orihinal na teksto. Batay sa lumabas na resulta, napanatili ang kawastuhang pansemantika nito.

Ayon kay Badayos (2008), ang semantika ay isang pag-aaral kung paano nabibigyang-kahulugan ang mga salita batay sa paggamit nito sa pangungusap o pahayag. Dagdag pa niya, ito ay ang proseso ng pag-iisip, kognisyon at konseptuwalisasyon. Ang semantika ay sentro ng pag-aaral sa komunikasyon. Dagdag pa niya, ang semantika ay isang pag-aaral kung paano ang isang salita ay masusuri at mabibigyan ng pagpapakahulugan. Sakop nito ang relasyon o ugnayan ng mga salita sa isang pangungusap.

Idiniin ni Almario (2015), na mahalagang simple, maliwanag, at angkop ang mga inilapat na salita sa pagsasalin. Ayon kay Abueg sa pagbanggit ni Buban (2011), isa sa mga konsiderasyon niya sa pagsasalin ay ang pagpili ng salita at paulit-ulit na pagrerebisa ng salin hanggang sa makuha ang tamang timpla ng salita at diwa sa target na wika ng salin

Kahulugan o mensahe

Sa bahaging ito ay binigyang pansin ang sumusunod: ang katumbas na impormasyon, kahulugan at diwa ng mga naisaling awitin sa orihinal ay napanatili at tinataglay ng akdang naisalin

sa wikang Ibaloy; at ang salin ng mga kuwento ay naisaalang-alang ang kawastuhang pansementika o kahulugan ng bawat salita.

Sa isinagawang pag-aaral, ang mga tatlong akdang isinalin ay nakakuha ng napakataas na antas na pinatunayan ng mga nakuhang kabuoang mea na 3.50, 3.34, at 3.34 ayon sa pagkakasunod-sunod. Ito ay nagpapahiwatig na sa isinagawang pagsasalin, napanatili ang diwa ng mga akdang isinalin at napanatili ang kahulugang pansementika ng mga salitang ginamit.

Ayon kay si Almario (2007), ang pagsasalin at paglikom ng mga salitang may natatanging kahulugan mula sa wikang pinagmulan. Ang pagsasalin ay isang masalimot na gawain. Mahigpit na kahingian, kung gayon, sa sinumang naghahangad na maging tagapagsaling pampanitikan ang maging tagapagsaling pampanitikan ang maging mahusay na mambabasa ng panitikan. Higit sa pagkakaroon ng mataas na kakayahan sa simulaang lengguwahe (SL) at sa tunguhang lengguwahe (TL), taglay dapat ng sinumang magiging tagapagsaling pampanitikan ang hindi lamang pamilyaridad kundi mataas na kasaysayan sa pagpapahalaga sa teksto.

Inilarawan nina Napu at Hasan (2019) ang pagsasalin bilang proseso ng paghahatid ng tiyak na kahulugan ng isang partikular na teksto na ipinapahayag sa pinagmulang wika sa target na wika. Isa ito sa pinakamahalagang dapat bigyang tuon sa pagsasalin sapagkat dito nakabatay ang katumpakan ng mga gagamiting salita sa pagsasalin.

Estilo

Tumutukoy ito sa paggamit ng angkop na panuntunan sa salin pananatili ng estilo ng awtor. Binigyang pansin sa pagtataya sa isinagawang pagsasalin ng mga awitin ang mga sumusunod: ang estilong ginamit sa isinaling mga awitin ay naaangkop sa panuntunan ng pagsasaling-wika; at napanatili ang estilo ng awtor sa orihinal na tekstso.

Batay sa isinagawang pag-aaral, ang mga isinaling akda ayon sa ebalwasyon ng mga tagasuri ay nakakuha ng napakataas na antas ng balidasyon. Ito ay nangangahulugang napanatili ng tagasalin ang estilo ng orihinal na awtor. Ang resulta ng isinagawang pagtataya ay nagpapakita rin na angkop sa panuntunan ng pagsasaling-wika ang estilong ginamit at napanatili ang estilo ng

awtor sa orihinal na teksto. Gayunpaman, may ilang ilang pagsasalin na gumamit ng sariling estilo ang tagasalin. Ito ay upang mas mailapit ang kuwentong isinasalin sa mga awdyens.

Ayon kay Buban (2014; 2016), batay sa kanyang naging pag-aaral, tunay na mas ginagamit ang estilo ng lengguwahe ng wika ng target na mambabasa kaysa sa estilo ng lengguwahe ng may-akda. Gayundin, makatuwiran lamang na mas bigyang konsiderasyon ang estilo ng pangwiwika ng mga inaasahang target na mambabasa. Aniya, tandaan din na ang isang tagasalin, bago magsalin ay isa munang mambabasa.

Ang Antas ng Pagtanggap ng mga Guro sa mga Saling Akda

Pagkatapos ang isinagawang pagsasalin, layunin din ng pag-aaral na ito na malaman ang antas ng pagtanggap ng isinaling mga akda sa wikang Filipino. Para makuha ang antas ng pagtanggap ay muling ipinasalin sa wikang Ibaloy ang mga naisalin sa Filipino o ang pagsasagawa ng back translation. Inihambing ang orihinal na teksto at ang muling salin para mataya ang antas ng pagtanggap.

Sa Talahanayan 2 ay matutunghayan ang antas ng pagtanggap ng mga isinagawang salin. Binigyang-pansin dito ang nilalaman, paggamit ng salita, kahulugan at estilo.

TALAHANAYAN 2
ANTAS NG PAGTANGGAP NG MGA GURO SA MGA SALING AKDA

PAMANTAYAN	Si Dabonay tan sota pito'n Bosol		Nangkaatiw Jen Ibadoy		Sota Ebadbadeg Jan Etoling Jen Aso Shi Ambakdet		KABUOAN	
	MEAN	DES	MEAN	DES	MEAN	DES		
<i>Nilalaman</i>								
Ang nilalaman ng awitin na isinalin sa wikang Kankanaey ay tumutugma sa orihinal na bersiyon nito.	3.33	LT	3.65	LT	3.65	LT		
Ang nilalaman ng mga awiting isinalin sa wikang Kankanaey ay kapaki-pakinabang sa mga gagamit nito.	3.66	LT	3.67	LT	3.33	LT		
Ang salin ng mga maikling kwento ay nagtataglay ng mga dinamiko at pag-aangkop sa mga sitwasyong pangkomunikasyon.	3.63	LT	4.00	LT	3.65	LT		
<i>Kabuoan</i>	3.54	LT	3.77	LT	3.54	LT	3.62	LT
<i>Paggamit ng Salita</i>								
Ang mga salitang ginamit sa bawat katagang binigyang tumbas ay angkop.	3.33	LT	3.33	LT	4	LT		
Ang mga terminolohiyang ginamit sa mga maikling kwento ay tinumbasan ng wastong mga salita.	3.33	LT	2.67	T	3.33	T		
Ang ginamit na mga sailta ay madaling maunawaan ng mga target na awdyens.	3.63	LT	3.67	LT	4	LT		
Ang salin ng mga maikling kuwento ay nagtataglay ng kabisaan ng pagkabubuo ng mga pangungusap.	3.33	LT	3.67	LT	3.33	LT		

PAMANTAYAN	Si Dabonay tan sota pito'n Bosol		Nangkaatiw Jen Ibadoy		Sota Ebadbadeg Jan Etoling Jen Aso Shi Ambakdet		KABUOAN	
	MEAN	DES	MEAN	DES	MEAN	DES		
<i>Kabuoan</i>	3.40	LT	3.33	LT	3.67	LT	3.47	LT
<i>Kahulugan</i>		LT		LT		LT		
Ang katumbas na impormasyon, kahulugan at diwa ng mga naisaling maikling kwento sa orihinal ay napanatili at tinataglay ng akdang naisalin sa wikang Ibaloy	3.67	LT	3.33	LT	3	LT		
Ang salin ng mga awitin ay naisalang-alang ang kawastuhang pansementika o kahulugan ng bawat salita.	3.00	LT	3.00	LT	3.33	LT		
<i>Kabuoan</i>	3.34	LT	3.17	LT	3.17	LT	3.23	LT
<i>Estilo</i>								
Ang estilong ginamit sa isinaling mga kwento ay naangkop sa panuntunan ng pagsasaling-wika.	3.33	LT	3.33	LT	3.67	LT		
Napanatili ang estilo ng awtor sa orihinal na teksto.	3.33	LT	3.33	LT	3.33	LT		
<i>Kabuoan</i>	3.33	LT	3.33	LT	3.51	LT	3.39	LT

3.25 - 4.00 Napakataas – Lubos na tinatanggap (LT) – lubos na sumasang-ayon sa paraan ng pagsasalin

2.50 - 3.24 Mataas – Medyo tinatanggap (MT) – bahagyang sinasang-ayunan ang paraan ng pagsasalin

1.75 - 2.49 Medyo mababa – Tinatanggap (T) - sinasang-ayunan ang paraan ng pagsasalin ngunit may ilang bahagi na hindi tinatanggap

1.00 - 1.74 Mababa – Hindi tinatanggap (HT) – hindi sinasang-ayunan ang paraan ng pagsasalin

Batay sa isinagawang pagsusuri ng mga guro, lumabas na ang nilalaman, paggamit ng salita, kahulugan at estilo ay nakakuha ng napakataas na antas na pinatunayan ng mga nakuhang kabuoang mean: nilalaman (3.62); paggamit ng salita (3.47); kahulugan (3.23); at estilo (3.39).

Mapapansin sa kinalabasan ng pag-aaral na ang nilalaman ang may pinakamataas na antas ng pagtanggap. Ito ay nangangahulugang walang nakitang masyadong pagkakaiba sa nilalaman ng orihinal na teksto at sa salin. Sumunod dito ang paggamit ng salita. Maaaring may nakitang pagkakaiba sa mga ginamit na salita dahil maaaring sa preperensiya ng tagasalin. Pang-apat ay ang estilo. Maaring may nakitang kaunting pagbabago sa estilo pero nanaig pa rin ang estilo ng orihinal na awtor. Normal lamang papasok at papasok pa rin ang estilo ng tagasalin.

Ayon kina Bassnet at Lefevere (1990), sapagkat ang pagsasalin ay muling pagsulat ng orihinal na teksto, nakapagpapasok ito ng mga bagong konsepto, bagong pamamaraan. Nagpapatunay lamang ito sa teorya ni Newmark (1988) sa pagbanggit ni Cabiling (2002), na nangangahulugan na ang ginawang pagsasalin sa akda ay nabigyang kahulugan sa isang teksto sa ibang wika sa paraang ninanais ng tagasalin.

Sinasabi nina Liban-Iringan na ang pagsasalin ay kagamitan sa muling paglikha-pagbabagong anyo na naaayon sa pangangailangang diwa ng kaalaman sa patutunguhang wika (Batnag et. Al. 2009). Ayon kay Matienzo (2001), ang pagsasalin ay paghuhulog ng malikhaing panulat, salawikain balita, sanaysay at iba pa. Sa pangkalahatan, magkakaugnay ang pagsasalin ng teksto, estilo ng pagsasalin na ginamit, at ang resulta ng paggamit ng mga salita.

IV. KONKLSYON AT REKOMENDASYON

Kongklusyon

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, marami pang mga katutubong akda na maaaring maisalin sa Filipino at magamit na lunsaran sa pagtuturo. Ang isinagawang pagsasalin ay nakasunod sa pamantayan sa pagsasalin at taglay ng mga ito ang mga katangian ng isang mabuting salin kaya ito ay lubos na tinatanggap ng mga guro.

Rekomendasyon

Iminumungkahi na magsagawa pa ng pagsasalin sa mga iba-ibang katutubong akda sa Filipino para mapalaganap ang natatnaging kultura ng bawat isa.

SANGGUNINAN

- [1.] Abenes, R. et al. (2023) Pagbuo ng Lunsarang Aralin at Gawain sa Ugnayang Wika't Lipunan Bilang Interbensiyon sa Bagong Kadayawan sa Antas Primarya. The Normal Lights, Volume 17 No. 1
- [2.] Almario, V. S. (2016). *Introduksiyon sa Pagsasalin*. [http://kwf.gov.ph/wp-content/uploads/2016/11/Introduksiyon-sa Pagsasalin.pdf](http://kwf.gov.ph/wp-content/uploads/2016/11/Introduksiyon-sa-Pagsasalin.pdf). Hinango noon Abril 16, 2019.
- [3.] Almario, V. (2016). Batayang Pagsasalin: Ilang Patnubay at Babasahin para sa Baguhan. Metro Manila: Komisyon ng Wikang Filipino.
- [4.] Bernardo, H. (2006). Debelopment at Ebalwasyon ng Isang Glosaryong Ingles-Filipino sa Edukasyong Panrelihiyon. https://www.academia.edu/Filipino_sa_Edukasyong_Panrelihiyon
- [5.] Cabiling, M.C (2002) Mga Kontemporaryong Maikling Kuwentong Hiligaynon. Pagsasalin at pagsusuri (Kontribusyon sa Pagbuo ng Awtentikong Kanon ng Pambansang Panitikan. [Di-nailathalang tesis-masteral] University of Agustin San Agustin Iloilo City
- [6.] Calibayan, M. D. (2015). Pagsusuri sa mga Balyung Nakapaloob sa mga Salawikain ng mga Tiruray sa South Upi, Maguindanao, Philippines. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 3(5), 50-57. <http://www.apjr.com/wp-content/uploads/2015/12/APJMR-2015-3.5.1.06pdf/>
- [7.] Catapang, K., C. Dimayuga, R. Molina, at H. Sorbito (2015). Pagsusuri sa mga Aklat at mga Kwentong-Bayan tungkol sa Lawa ng Sampalok at ang Kaugnay nito sa Araw-araw na Pamumuhay ng mga Mangingisda ng San Pablo, Laguna. Unpublished manuscript.
- [8.] Catford, J. (1965). *A Linguistic Theory Of Translation*. Oxford University Press.
- [9.] Catipay, T. A. (2019). Antolohiya ng mga Sugbu-anung Kwentong Bayan: Pagbabalik-tanaw sa buhay kulturang Cebuano. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 7(1) <http://www.apjr.com/wp-content/uploads/2018/11/APJMR-2019-7.1.02pdf/>

-
- [10.] Demeterio, F. P. A. (2011). Ang Hermenyutika nina Schelermacher at Dilthey bilang Batayang Teoritical sa Araling Pilipino. Kritike: *An Online Journal of Philosophy*, 5(1), 1-14. doi:10.25138/5.1.a.1. Hinango noong Abril 26, 2019.
- [11.] Du, N. O. (2014). Pagdalumat sa mga sinaunang Di-Materyal na Kultura ng mga B'laan sa Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato mula sa kanilang kwentong bayan. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*. 2 (6). <http://www.apjmr.com/wp-content/uploads/2014/12APJMR-2014-2-165a-Pagdalumat-sa-mga-sinaunang-di-materyal-na-kultura.pdf>. Hinango noong Abril 26, 2019.
- [12.] Enriquez, J. T., L. Abasolo-Enriquez, at J. C. Balmaseda (1958). *Filipino language lexicon*. Manila: Jose C. Velo.
- [13.] Evasco, E. V. (2013). Pag-akda at Pagkabata: Ang Namamayaning Tunguhin at Estetika sa Panitikang Pambata ng Pilipinas, UP Press: Diliman, Quezon City, pp. 107.
- [14.] Geronimo, J. Y. (2017). March. PH dapat seryosohin ang pagsasalin sa higit 100 wika Almario. Rappler. <https://www.rappler.com/nation/162921-almario-pagsasalin-wika-pilipinas>.
- [15.] Jamilosa-Silapan, O. 1993. Panagiyulog: Tungo sa Pagbubuo ng Isang Teory sa Pagsasalin (Maikling Kuwentong Iloko sa Filipino. PhD Fil. UP Diliman).
- [16.] Lartec, J. K. Anastacia M. Belisario, Jamaica P. Bendanillo, Hanni K. Binas-o, Novfirst O. Bucang at Jan Lorie W. Cammagay. (2014). Strategies and Problems Encountered by Teachers in Implementing Mother Tongue- Based Instruction in a Multilingual Classroom. *The IAFOR Journal of Language Learning*, 1 (1). <http://iafor.org/archives/journals/iafor-journal-of-language-learning/>. Hinango noong Nobyembre 6, 2019.
- [17.] Liban-Iringan, E. 2005-2006. "Pamalittac": Pagsasalin ng mga "Palvvun" at "Unoni" ng Ibanag at Itawes bilang bahagi ng Pambansang Panitikan. PhD Fil. UP Diliman.
- [18.] Lucero, R. C. (1996). "Ang pitong buhay ni Anabella: Ang Tagalin bilang Malikhaing Manunulat, Kritiko at Literary Historian," *Daluyan* 3-4 (1996): 43-60
-

-
- [19.] Ramos, M.S (1984). Panitikang Pilipino. Manila: Katha Publishing Company.
- [20.] Reyes, S. S. (2000). Kritisismo: Mga Teorya at Antolohiya para sa Epektibong Pagtuturo ng Panitikan. Anvil Publishing, Inc.
- [21.] San Juan, D. (2012). GLOSARYO NG MGA TERMINO SA PANITIKAN., mula sa <https://clubmanila.files.wordpress.com/2016/04/mat-research-glosaryo-ng-mga-termino-sa-panitikan.pdf>.
- [22.] Santiago, A. O. (1994). Sining ng Pagsasaling-Wika. Quezon City: Rex Book Store.
- [23.] Santiago, A. O. (2003). *Sining ng pagsasaling-wika sa Filipino mula sa Ingles*. Manila: Rex Book Store.
- [24.] Sison-Buban, R. E. (2014). Ang pagsasaling teknikal: Pagsipat sa Praktika at Pagpapahalaga. Malay, 26.1, 117-127.
- [25.] Young, J. (1994). *Philippines Myths and Legends*. Metro Manila. MG Reprographics.